# Mga Sakripisyong Ginawa para Maitayo ang Kirtland Temple

Pagkatapos matanggap ang bahagi 95, kaagad na sinimulan ni Hyrum Smith ang paghawan sa bukid kung saan itatayo ang templo. Ang pagtatayo ng templo ay isang mahirap na gawain. Mga 150 lang ang mga miyembro ng Simbahan sa lugar na iyon. Wala silang karanasan o mga kasanayan para pamahalaan ang gayong kalaking gusali. Magigipit din sa pera ang Simbahan at ang mga miyembro sa pagtatayo ng templo. Gayunpaman, nagsikap sila, at tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako na bibigyan sila ng "kapangyarihang itayo ito" (Doktrina at mga Tipan 95:11). Si Artemus Millet, isang nagbalik-loob mula sa Canada at isang bihasang kantero, ay lumipat sa Kirtland at pinamahalaan ang pagtatayo. Si John Tanner, na isa pang nagbalik-loob, ay nagbigay ng pinansiyal na tulong sa kritikal na sandali. Ang kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa area ay nagbigay ng donasyon, oras, gawa, at resources para maitayo ang templo. (Tingnan sa Lisa Olsen Tait at Brent Rogers, "A House for Our God," sa *Revelations in Context* [2016], 167; *Mga Banal*, Tomo 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan*, 242–44.)

- Ano ang ilang sakripisyo na ginawa ng mga Banal para maitayo ang Kirtland Temple? Ano ang hinahangaan mo sa mga sakripisyong ito?
- Ano ang ilang sakripisyo na magagawa natin para makadalo sa bahay ng Panginoon?


# Mga Sakripisyong Ginawa para Maitayo ang Kirtland Temple

Pagkatapos matanggap ang bahagi 95, kaagad na sinimulan ni Hyrum Smith ang paghawan sa bukid kung saan itatayo ang templo. Ang pagtatayo ng templo ay isang mahirap na gawain. Mga 150 lang ang mga miyembro ng Simbahan sa lugar na iyon. Wala silang karanasan o mga kasanayan para pamahalaan ang gayong kalaking gusali. Magigipit din sa pera ang Simbahan at ang mga miyembro sa pagtatayo ng templo. Gayunpaman, nagsikap sila, at tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako na bibigyan sila ng "kapangyarihang itayo ito" (Doktrina at mga Tipan 95:11). Si Artemus Millet, isang nagbalik-loob mula sa Canada at isang bihasang kantero, ay lumipat sa Kirtland at pinamahalaan ang pagtatayo. Si John Tanner, na isa pang nagbalik-loob, ay nagbigay ng pinansiyal na tulong sa kritikal na sandali. Ang kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa area ay nagbigay ng donasyon, oras, gawa, at resources para maitayo ang templo. (Tingnan sa Lisa Olsen Tait at Brent Rogers, "A House for Our God," sa *Revelations in Context* [2016], 167; *Mga Banal*, Tomo 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan*, 242–44.)

- Ano ang ilang sakripisyo na ginawa ng mga Banal para maitayo ang Kirtland Temple? Ano ang hinahangaan mo sa mga sakripisyong ito?
- Ano ang ilang sakripisyo na magagawa natin para makadalo sa bahay ng Panginoon?


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_351-1